



# Kaligtasan sa Kusina

## Kaligtasan sa Pagluluto

- Manatili sa kusina kapag ikaw ay nagpiprito, nagpapakulo, nag-iihaw, o nagpapalambot ng pagkain.
- Magkaroon ng isang “kid-free zone” na hindi bababa sa 3 talampakan (1 metro) na distansiya sa palibot ng kalan.
- Panatilihing malayo ang anumang bagay na maaaring magliyab, tulad ng gwantes o mga kagamitang kahoy, mula sa inyong kalan.
- Iwasan ang maluluwag na damit kapag nagluluto. Ang maluluwag na damit ay maaaring sumagi sa umiinit na mga elemento at madaling magliliyab.

## Kung Sakaling may Maliit na Sunog sa Pagluluto

- Palaging panatilihing malapit sa iyo ang takip kapag ikaw ay nagluluto. Kapag ang isang maliit na apoy mula sa sebo ay nagsimula sa kawali, pigilin ang apoy sa pamamagitan ng pagpapadulas ng takip sa kawali. Patayin ang kalan. Huwag galawin ang kawali.
- Para mapigilin ang muling pag-apoy, iwanan ang takip hanggang lumamig ang kawali.
- Para sa sunog mula sa oven, i-off ang init at panatilihing nakasara ang pinto.
- Kung mayroon kang anumang pagdududa tungkol sa pag-aapula ng apoy, lumabas ka at tumawag sa 9-1-1

# Paninigarilyo at Kaligtasan sa Sunog sa Bahay

## Kaligtasan sa Paninigarilyo

- Kung ikaw ay naninigarilyo, sa labas ka manigarilyo at maging alerto.
- Gumagamit ng malalim, matibay na mga ashtray. Ilagay ang mga ashtray o mga lata malayo sa anumang bagay na maaaring masunog.
- Panatilihin ang mga sigarilyo, lighters, posporo, at iba pang mga gamit sa paninigarilyo na mataas at hindi maabot ng mga bata, o ilagay sa nakakandangong aparador.
- Walang ligtas na paraan ng paninigarilyo sa loob ng bahay kapag ginagamit ang oxygen.

## Pagtatapon

- Bago mo itapon ang upos ng mga sigarilyo at abo, siguraduhing wala na itong apoy. Huwag na huwag direktang itatapon sa basurahan ang mga gamit sa paninigarilyo.
- Huwag itapon ang mga sigarilyo sa mga halaman o mga dahon, nakapasong mga halaman o landscaping - madali itong masunog.
- Huwag na huwag itapon ang mga nakasinding sigarilyo sa balkonahe. Patayin ang sindi nito sa tubig o buhangin.



Tagalog